Dr. Scott Morrow, Health Officer
Cassius Lockett, PhD, Director

SAN MATEO COUNTY HEALTH
PUBLIC HEALTH, POLICY & PLANNING

Public Health, Policy & Planning
225 37th Avenue
San Mateo, CA 94403
smchealth.org

# KAUTUSAN NG OPISYAL NG KALUSUGAN Blg. c19-8

# KAUTUSAN NG OPISYAL NG KALUSUGAN NG COUNTY NG SAN MATEO NA SA PANGKALAHATAN AY NAG-AATAS SA MGA MIYEMBRO NG PUBLIKO AT MGA MANGGAGAWA NA MAGSUOT NG MGA TAKIP SA MUKHA

## (PANG-EMERHENSIYANG KAUTUSAN NG PAMPUBLIKONG KALUSUGAN)

PETSA NG KAUTUSAN: Abril 17, 2020

**Mangyaring basahin ang Kautusang ito nang mabuti. Ang paglabag ng o hindi pagsunod sa Kautusang ito ay isang munting krimen at mapaparusahan ng multa, pagkakakulong, o pareho. (Alituntunin sa Kalusugan at Kaligtasan ng California § 120295, *et seq.;* Cal. Penal Code §§ 69, 148(a)(1))**

SA ILALIM NG AWTORIDAD NG MGA SEKSYON 101040, 101085, 120175, AT 120220 NG ALITUNTUNIN SA KALUSUGAN AT KALIGTASAN NG CALIFORNIA, IPINAG-UUTOS NG OPISYAL NG KALUSUGAN NG COUNTY NG SAN MATEO ("OPISYAL NG KALUSUGAN"):

1. Ang Kautusang ito ay may bisa simula Abril 17, 2020 sa 11:59 ng gabi at magpapatuloy na maging mabisa hanggang sa ito ay palawigin, bawiin, mapalitan, o baguhin sa pagsusulat ng Opisyal ng Kalusugan. Ngunit ang Kautusang ito ay hindi ipatutupad hanggang sa 8:00 ng umaga ng Abril 22, 2020. Ang anumang mga termino na nasa malalaking titik sa Kautusang ito na tinukoy sa Kautusan ng Opisyal ng Kalusugan Blg. c19-5b ay awtomatikong naa-update para isama ang mga pagbabago sa kautusan na iyon na hindi na kailangang i-update ang Kautusang ito.

2. Tulad ng paggamit sa Kautusang ito, ang isang "Pantakip sa Mukha" ay nangangahulugang pantakip na gawa sa tela o iba pang malambot at humihingang materyal, na walang butas, na nagtatakip lamang sa ilong at bibig at sa mga bahagi ng pang-ibaba ng mukha. Ang isang pantakip na nagtatago o nagtatakip sa mata o noo ng nagsusuot ay hindi isang Pantakip sa Mukha. Kasama sa mga halimbawa ng mga Pantakip sa Mukha ang scarf o bandana; pantakip sa leeg; isang gawa sa bahay na pantakip na gawa mula sa kamiseta, sweatshirt, o tuwalya, na isinusuot gamit ang mga lastiko o iba pa; o isang mask, na hindi kailangan na pang-medikal. Ang isang Pantakip sa Mukha ay maaaring gawa-sa-pabrika o gawa ng kamay at pinasadya mula sa karaniwang mga materyal sa bahay. Ang Pantakip sa Mukha ay dapat na maging komportable, para ang nagsusuot ay nakakahinga nang maginhawa mula sa ilong at para hindi na kailangang i-adjust ito nang madalas, para maiwasan ang paghawak sa mukha. Habang kulang ang suplay ng pang-medikal na mga mask tulad ng mga N95 mask at mga surgical mask, ang mga miyembro ng publiko ay hindi dapat bumili ng mga mask na ito bilang mga Pantakip sa Mukha sa ilalim ng Kautusang ito; dapat ilaan ang mga pang-medikal na mask na iyon para sa mga tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan at mga unang rumeresponde. Sa pangkalahatan, kahit na hindi

inaatas ng Kautusang ito, mariin naming hinihikayat ang mga tao na magsuot ng mga Pantakip sa Mukha kapag nasa publiko. Gayundin, para sa mga Pantakip sa Mukha na hindi tinatapon pagkatapos ng bawat paggamit, dapat linisin/labhan ng mga tao ang mga ito nang madalas at magkaroon na mga ekstra para may malinis silang magagamit.

Tandaan na ang anumang mask na mayroong one-way valve (karaniwang isang plastik na silindro na kasing laki ng isang quarter sa harapan o sa gilid ng mask) na dinisenyo para sa madaling paghinga ay hindi isang Pantakip sa Mukha sa ilalim ng Kautusang ito at hindi dapat gamitin para sumunod sa mga inaatas ng Kautusang ito. Ang mga valve ng ganitong uri ay nagpapahinulot sa paglabas ng maliliit na mga patak mula sa mask, na naglalagay sa mga tao sa paligid sa panganib.

Ang isang video na nagpapakita kung paano gumawa ng isang pantakip sa mukha at karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano suotin at linisin ang mga Pantakip sa Mukha ay maaaring matagpuan sa website ng Centers for Disease Control and Prevention, sa https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/prevent-getting-sick/diy-cloth-face-coverings.html.

3. Ang lahat ng mga miyembro ng publiko, maliban sa partikular na hindi kasali sa ibaba, ay dapat na magsuot ng isang Pantakip sa Mukha sa labas ng kanilang bahay o sa ibang lugar na kanilang tinitirhan sa mga sumusunod sa sitwasyon:
   a. Kapag sila ay nasa loob ng, o nakapila para pumasok sa, anumang mga Kinakailangang Negosyo (tulad ng kahulugan ng terminong ito na tinukoy sa Seksyon 13.f ng Kautusan ng Opisyal ng Kalusugan Blg. c19-5b, noong Marso 31, 2020 ("Kautusan Blg. c19-5b")), kasama ang, ngunit hindi limitado sa, mga tindahan ng groseri, convenience store, supermarket, labahan, at kainan;
   b. Kapag sila ay nasa loob ng o nasa anumang lokasyon o pasilidad na nakikibahagi sa Pinakamababang Pangunahing mga Operasyon o humihingi o tumatanggap ng mga Kinakailangang Pagganap ng Gobyerno (tulad ng tinukoy sa mga Seksyon 13.g at 13.d, ng Kautusan Blg. c19-5b);
   c. Kapag sila ay nakikibahagi sa Kinakailangang Imprastraktura na trabaho (tulad ng tinukoy sa Seksyon 13.c ng Kautusan Blg. c19-5b);
   d. Kapag sila ay humihingi ng mga serbisyo sa mga Operasyon ng Pangangalagang Pangkalusugan (tulad ng tinukoy sa Seksyon 13.b ng Kautusan Blg. c19-5b) - kasama ang mga ospital, klinika, lokasyon ng pagsusuri para sa COVID-19, dentista, parmasya, blood bank at blood drive, iba pang mga pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan, tagapagkaloob ng pangkaisipang kalusugan, o pasilidad na nagbibigay ng beterinaryong pangangalaga at katulad na mga serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan para sa mga hayop - maliban kung ikaw ay sinabihan ng isang empleyado o manggagawa sa Operasyon ng Pangangalagang Pangkalusugan; o
   e. Kapag sila ay naghihintay o sumasakay sa pampublikong transportasyon (kasama nang walang limitasyon ang anumang bus, BART o CalTrain) o paratransit o sa isang taxi, pribadong serbisyo ng kotse, o ride-sharing na sasakyan.

4. Ang bawat nagmamaneho o operator ng anumang pampublikong transportasyon o paratransit na sasakyan, taxi, pribadong serbisyo ng kotse o ride-sharing na sasakyan ay dapat magsuot ng isang Pantakip sa Mukha habang nagmamaneho o nagpapatakbo ng naturang sasakyan, kahit na may nakasakay man o wala na miyembro ng publiko sa sasakyan, dahil sa pangangailangan na

mabawasan ang pagkalat ng mga maliliit na patak mula sa palahingahan sa loob ng sasakyan sa lahat ng oras.

5. Ang lahat ng mga Kinakailangang Negosyo, pati na rin ang mga entidad at mga organisasyon na may mga manggagawa na nakikibahagi sa Kinakailangang Imprastraktura na trabaho, Pinakamababang Pangunahing mga Operasyon, o mga Kinakailangang Pagganap ng Gobyerno (maliban sa mga Operasyon sa Pangangalagang Pangkalusugan, na sumasailalim sa kanilang sariling regulasyon na may kaugnayan sa partikular na pantakip sa mukha), ay dapat:

   a. Hilingin sa kanilang mga empleyado, kontratista, may-ari, at boluntaryo na magsuot ng isang Pantakip sa Mukha sa lugar ng trabaho at kapag nagtatrabaho sa labas ng opisina sa anumang oras na ang empleyado, kontratista, may-ari, o boluntaryo ay:

      i. nakikisalamuha nang personal sa sinumang miyembro ng publiko;

      ii. nagtatrabaho sa anumang lugar na pinupuntahan ng mga miyembro ng publiko, na tulad sa, sa paraan ng halimbawa at walang limitasyon, mga lugar ng pagtanggap (reception area), tindahan ng groseri o mga hilera sa parmasya, mga service counter, mga pampublikong palikuran, mga lugar ng kahera at checkout, mga silid ng paghihintay, mga service area, at iba pang mga lugar na ginagamit para makisalamuha sa publiko, kahit na may tao man mula sa publiko o wala sa panahong iyon;

      iii. nagtatrabaho sa anumang lugar kung saan inihahanda o binabalot ang pagkain para ibenta o ipamahagi sa ibang mga tao;

      iv. nagtatrabaho sa o naglalakad sa mga karaniwang lugar tulad ng mga pasilyo, hagdanan, elevator, at pasilidad ng paradahan; o

      v. nasa anumang silid o saradong lugar na may ibang mga tao (maliban sa mga miyembro ng sariling sambahayan o tirahan) ang naroroon.

   Para sa paglilinaw, ang isang Pantakip sa Mukha ay hindi kinakailangan kapag ang isang tao ay nasa personal na opisina (isang solong silid) kapag ang ibang tao sa labas ng kanyang sambahayan ay hindi naroroon hangga't ang publiko ay hindi regular na pumupunta sa silid. Sa pamamagitan ng halimbawa at walang limitasyon, sa isang manggagawa sa konstruksyon, tubero, tagapamahala ng bangko, accountant, o taong nag-aayos ng bisikleta ay hindi kinakailangang magsuot ng isang Pantakip sa Mukha kung ang indibidwal na iyon ay mag-isa at nasa isang lugar na hindi karaniwang pinupuntahan ng publiko, ngunit ang taong iyon ay dapat magsuot ng Pantakip sa Mukha kapag may mga katrabaho na nasa malapit, kapag pinuntahan ng isang kliyente/kustomer, at sa anumang lugar kung saan ang mga miyembro ng publiko o iba pang mga katrabaho ay karaniwang naroroon.

   b. Gumawa ng makatuwirang mga hakbang, tulad ng pagpapaskil ng mga karatula, para paalalahanan ang kanilang mga customer at ang publiko na kailangan nilang magsuot ng isang Pantakip sa Mukha habang nasa loob ng o nakapila para pumasok sa negosyo, pasilidad, o lokasyon. Ang mga Kinakailangang Negosyo at mga entidad o mga organisasyon na nakikibahagi sa Kinakailangang Imprastraktura na trabaho o Pinakamababang Pangunahing mga Operasyon ay dapat gumawa ng lahat ng makatuwirang mga hakbang para pagbawalan ang sinumang miyembro ng publiko na hindi nagsusuot ng Pantakip sa Mukha mula sa pagpasok at hindi dapat na pagsilbihan ang taong iyon kung ang mga pagsisikap na ito ay hindi matagumpay at sikaping paalisin ang taong iyon.

Isang halimbawa ng karatula na gagamitin para abisuhan ang mga customer ay matatagpuan sa website ng Pampublikong Kalusugan, sa https://www.smchealth.org.

6. Ang mga batang may edad dalawang taon o mas bata ay hindi dapat magsuot ng isang Pantakip sa Mukha dahil sa panganib na hindi makahinga. Hindi inaatasan ng Kautusang ito ang sinumang batang may edad labindalawang taon o mas bata na magsuot ng Pantakip sa Mukha. Ang mga magulang at mga tagapag-alaga ay dapat mangasiwa sa paggamit ng mga bata sa mga Pantakip sa Mukha upang maiwasan ang maling paggamit.

7. Ang pagsusuot ng Pantakip sa Mukha ay inirerekumenda ngunit hindi kinakailangan habang nakikibahagi sa panlabas na libangan tulad ng paglalakad, pagha-hike, pagbibisikleta, o pagtakbo. Ngunit ang bawat tao na nakikibahagi sa naturang gawain ay dapat na sumunod sa mga kinakailangan na panlipunang pagdistansya (social distancing) kasama ang pagpapanatili ng hindi bababa sa anim na talampakan ang layo mula sa iba pang mga tao hangga't maaari. Sa karagdagan, inirerekumenda na ang bawat tao na nakikibahagi sa naturang gawain na magdala ng isang Pantakip sa Mukha at isuot ang Pantakip sa Mukha na ito sa mga pagkakataon kung saan mahirap mapanatili ang pagsunod sa mga Kinakailangan na Panlipunang Pagdistansya (Social Distancing) (tulad ng tinukoy sa Seksyon 13.k ng Kautusan Blg. c19-5b), at na sila ay magdala ng Pantakip sa Mukha at ilagay ito sa isang madaling makuhang lugar, tulad ng sa palibot sa leeg ng tao o sa loob ng bulsa, para sa naturang paggamit. Dahil ang pagtakbo o pagbibisikleta ay nagsasanhi upang mas may puwersang nailalabas ng mga tao ang nadadala sa hangin na mga partikulo, na ginagawang hindi sapat ang karaniwang pinakamababang 6 na talampakang distansya, dapat magsagawa ng mga hakbang ang mga tumatakbo at siklista upang maiwasan ang paglalantad sa ibang mga tao sa mga partikulong ito, kabilang ang mga sumusunod na hakbang: pagsusuot ng isang Pantakip sa Mukha hangga't maaari; pagtawid sa kabila ng kalye kapag tumatakbo para maiwasan ang mga naglalakad sa bangketa; pagbagal at paglipat sa gilid kapag hindi maaaring umalis sa bangketa at mapalapit sa ibang mga tao; hindi pagdura; at pag-iwas sa pagtakbo o pagbisikleta nang direkta sa harapan o likuran ng isa pang tumatakbo o siklista na hindi mo kasama sa parehong bahay.

8. Ang Kautusang ito ay hindi nag-aatas sa sinuman na magsuot ng isang Pantakip sa Mukha habang nagmamaneho nang mag-isa, o ang kasama lamang ay ibang mga miyembro ng parehong pamilya o sambahayan, sa isang sasakyan.

9. Ang isang Pantakip sa Mukha ay hindi rin kinakailangan ng Kautusang ito na ipasuot sa isang partikular na indibidwal kung ang tao ay makapagpakita ng isa sa dalawa: (1) pinayo ng isang medikal na propesyonal na ang pagsusuot ng Pantakip sa Mukha ay maaaring magdala ng panganib sa taong nagsusuot ng mask dahil sa mga kadahilanang may kaugnayan sa kalusugan; o (2) ang pagsusuot ng Pantakip sa Mukha ay maglilikha ng isang panganib sa tao na may kaugnayan sa kanilang trabaho tulad ng tinukoy ng mga tagapangasiwang lokal, estado, o pederal o mga gabay sa kaligtasan sa lugar ng trabaho. Hindi rin dapat gamitin ang isang Pantakip sa Mukha ng sinuman na may problema sa paghinga o sa walang malay, baldado, o kung hindi man ay hindi kayang alisin ang Pantakip sa Mukha nang walang tumutulong.

10. Ang layunin ng Kautusang ito ay tiyakin na lahat ng mga tao na pumupunta o nagtatrabaho sa mga Kinakailangang Negosyo at lahat ng mga tao na humihingi ng pangangalaga sa mga pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan o nakikibahagi sa ilang uri ng pampublikong sasakyan o

transportasyon na may kasamang ibang mga tao ay magsusuot ng Pantakip sa Mukha para mabawasan ang posibilidad na sila ay makahawa o mahawa ng COVID-19 na virus. Ang layunin ng Kautusang ito ay tiyakin din na ang mga taong nagtatrabaho o humihingi ng mga serbisyo mula sa mga entidad na nakikibahagi sa Kinakailangang Imprastraktura na trabaho, Pinakamababang Pangunahing mga Operasyon, o Kinakailangang mga Pagganap ng Gobyerno ay magsusuot din ng Pantakip sa Mukha kapag sila ay nasa malapitang pakikisalamuha sa ibang mga tao. Sa pagsagawa nito, ang Kautusang ito ay makatutulong sa pagbawas sa pagkalat ng COVID-19 na virus at makontrol ang epekto ng virus sa mga miyembro ng publiko at sa paghahatid ng mahalagang mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa mga taong nangangailangan nito. Ang lahat ng probisyon sa Kautusang ito ay dapat na bigyang kahulugan upang magbunga ng nilalayon nito.

11. Ang Kautusang ito ay inilabas batay sa ebidensiya ng pagtaas ng dami ng COVID-19 sa loob ng County, sa Bay Area, at sa Estados Unidos, sayentipikong ebidensiya at pinakamahuhusay na kasanayan na may kinalaman sa mga pinakaepektibong pamamaraan upang mapigilan ang transmisyon ng mga nakahahawang sakit sa pangkalahatan at partikular na sa COVID-19. Dahil sa silakbo ng COVID-19 na virus sa pangkalahatang publiko, na ngayon ay isa nang pandemya ayon sa World Health Organization, mayroong isang pampublikong pangkalusugang emerhensiya sa buong County. Dahil sa virus na nagdudulot ng COVID-19, ang mga tao ay maaaring mahawahan at maging nakakahawa at hindi magkaroon ng anumang mga sintomas, nangangahulugan na sila ay asymptomatic. Ang mga tao ay maaari ring mahawahan at maging nakakahawa sa loob ng 48 oras bago magkaroon ng mga sintomas, ang panahon na kung saan sila ay pre-symptomatic. Maraming mga taong may COVID-19 na virus ay may banayad na mga sintomas at hindi alam na sila ay nahawahan at nakakahawa, at sila ay maaaring hindi sinasadyang makahawa sa ibang mga tao. Samakatuwid, ang CDC, CDPH, at SMCPH ay naniniwala ngayon na ang pagsusuot ng isang pantakip sa mukha, kapag pinagsama sa pisikal na pagdistansya na hindi bababa sa 6 na talampakan at madalas na paghuhugas ng kamay, ay maaaring makabawas sa panganib ng transmisyon ng coronavirus kapag nasa publiko at nakikibahagi sa mga kinakailangang gawain. At dahil hindi palaging posible na mapanatili ang hindi bababa sa 6 na talampakan na distansya, ang mga miyembro ng publiko at mga manggagawa ay kinakailangang magsuot ng pantakip sa mukha habang nakikibahagi sa karamihan sa mga kinakailangang gawain at iba pang mga aktibidad na malapit sa mga ibang tao. Para sa paglilinaw, bagama't ang pagsusuot ng pantakip sa mukha ay isang kasangkapan para sa pagbabawas ng pagkalat ng virus, ang paggawa nito ay hindi isang kahalili ng pagpapanatili sa bahay, pisikal na pagdidistansya nang hindi bababa sa 6 na talampakan, at madalas na paghuhugas ng kamay.

12. Ang Kautusang ito ay inilabas din dahil sa umiiral na, hanggang noong Abril 17, 2020, 797 kumpirmadong kaso ng impeksyon sa COVID-19 na virus sa County, kasama ang isang malaki at tumataas na bilang ng mga hinihinalang kaso ng transmisyon sa komunidad. Ang Kautusang ito ay kinakailangan para mapigil ang bilis ng pagkalat, at ang Opisyal ng Kalusugan ay magpapatuloy sa pagsusuri sa mabilis na nagbabagong sitwasyon at maaaring baguhin ang Kautusang ito, o maglabas ng karagdagang mga Kautusan, na may kaugnayan sa COVID-19, ayon sa kinakailangan ng nagbabagong mga kalagayan.

13. Ang Kautusang ito ay inilabas alinsunod sa, at isinasama bilang sanggunian sa, Pagpapanatili sa Bahay na Kautusan Blg. c19-5b noong Marso 31, 2020 na inilabas ng Opisyal ng Kalusugan, Proklamasyon ng Kalagayan ng Emerhensiya noong Marso 4, 2020 na inilabas ni Gobernador Gavin

Newsom, Ehekutibong Kautusan noong Marso 12, 2020 (Ehekutibong Kautusan N-25-20) na inilabas ni Gobernador Gavin Newsom, Proklamasyon ng Direktor ng Pang-emerhensiyang mga Serbisyo na Nagdedeklara ng Umiiral na Lokal na Emerhensiya sa County noong Marso 3, 2020, Deklarasyon ng Lokal na Pangkalusugan na Emerhensiya Dahil sa Novel Coronavirus 2019 (COVID-19) noong Marso 3, 2020 na inilabas ng Opisyal ng Kalusugan, Resolusyon ng Lupon ng mga Tagapangasiwa ng County ng San Mateo noong Marso 10, 2020 na Nagpapatibay at Nagpapalawak sa Deklarasyon ng Lokal na Pangkalusugan na Emerhensiya, at gabay na inilabas ng CDPH at CDC, habang ang bawat isa sa kanila ay nadagdagan na at maaari pang dagdagan.

14. Ang hindi pagsunod sa alinman sa mga probisyon ng Kautusang ito ay bumubuo ng napipintong banta at agarang panganib sa pampublikong kalusugan, nagdudulot ng perwisyo sa publiko, at maaaring maparusahan sa pamamagitan ng pagmumulta, pagkakakulong, o pareho.

15. Ang County ay dapat na magbigay kaagad ng mga kopya ng Kautusang ito ayon sa sumusunod: (1) sa pamamagitan ng pagpapaskil sa website ng County (smcgov.org) at sa website ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan (smchealth.org); (2) sa pamamagitan ng pagpapaskil sa Bulwagan ng Hustisya ng San Mateo County, na matatagpuan sa 400 County Center, Redwood City, CA 94063; at (3) sa pamamagitan ng pagbibigay sa sinumang miyembro ng publiko na humihingi ng kopya.

16. Kung alinman sa mga probisyon ng Kautusang ito o ang aplikasyon nito sa sinumang tao o pagkakataon ay ituturing na walang bisa, ang natitirang bahagi ng Kautusan, kasama ang aplikasyon ng naturang bahagi o probisyon sa ibang mga tao o pagkakataon, ay hindi maaapektuhan at magpapatuloy nang may buong lakas at bisa. Sa layuning ito, ang mga probisyon ng Kautusang ito ay maaaring ihiwalay.

**IPINAG-UUTOS:**

______________________________

Scott Morrow, MD, MPH,
Opisyal ng Kalusugan ng
County ng San Mateo

Abril 17, 2020